# Baha - mga peligrong hayop at insekto

## Impormasyon kung ano ang gagawin sa mga hayop at insekto pagkatapos ng baha

**Filipino**

**OFFICIAL**

Kapag bumabalik sa isang pook na naapektuhan ng baha, maaaring may nabitag na mga ligaw na hayop, kabilang ang mga rodent (mga daga o bubuwit), ahas o gagamba sa iyong bahay, shed o hardin.

### Ang gagawin kung may mga ahas

- Kapag nasa labas:
  - ✓ magsuot ng matibay na bota, guwantes at mahabang pantalon upang protektahan ang iyong mga binti
  - ✓ bigyan ng karagdagang pansin ang iyong mga kamay at paa kapag naglilinis pagkatapos ng baha
  - ✓ kung may makita kang ahas, umatras ka at hayaan itong magpatuloy sa pupuntahan - huwag itong hihipuin
  - ✓ magkaroon ng kamalayan sa mga ahas na lumalangoy sa tubig
  - ✓ dapat mong alisin ang mga basura sa paligid ng iyong bahay dahil maaaring umakit ito ng mga ahas, gagamba, at mga rodent.

- Kung may makita kang ahas sa iyong bahay, huwag matakot, umatras ka nang dahan-dahan at hayaan itong magpatuloy sa pupuntahan. Huwag itong hihipuin. Tawagan ang Departamento ng Kapaligiran, Lupain, Tubig at Pagpaplano (Department of Environment, Land, Water and Planning) sa 136 186 para sa listahan ng mga tagahuli ng ahas sa inyong pook.
- Kung makagat ka ng ahas:
  - ✓ huwag hugasan ang balat sa paligid ng kagat
  - ✓ manatiling di-kumikilos at kumuha ng kagyat na tulong medikal sa pamamagitan ng pagtawag sa 000
  - ✓ mahiga o maupo na ang kagat ay mas mababa sa iyong puso.
  - ✓ takpan ang kinagat na bahagi gamit ang malinis at tuyong pantapal. Kung mayroon, inirerekomenda na bendahan nang mahigpit ang palibot ng bahaging nakagat.
  - ✓ tandaan ang oras ng pagkakagat at kung kailan ito binendahan
  - ✓ huwag maglalagay ng tourniquet, hiwain ang kagat upang palabasin ang lason o tangkaing sipsipin ang lason sa sugat.

### Ang gagawin kung may mga gagamba

- Kung nakagat ka ng gagamba:
  - ✓ hugasan ang bandang nakagat at tapalan ng mga ice pack para maibsan ang sakit
  - ✓ huwag pipisilin
  - ✓ humingi kaagad ng tulong medikal kung ikaw ay nakagat ng redback spider o kung lalala ang iyong mga sintomas.

## Ang gagawin kung may mga rodent at insekto

- Nagdadala ng mga sakit ang mga rodent na mga bubuwit at daga. Dapat mong alisin ang mga pagkain at iba pang mga bagay na maaaring pagkanlungan ng mga rodent.
- Itapon ang basura at takpan ang basurahan. Maglagay ng pambitag para sa rodent sa mga tuyong lugar kung kailangan.
- Lumayo sa mga tubig na hindi dumadaloy dahil doon nagpaparami ang mga lamok. Takpan ang iyong katawan hangga't maaari at gumamit ng mosquito repellent.
- Ang mga langaw ay nagdadala ng mga sakit. Linisin kaagad ang mga basurang pagkain dahil dito nagpaparami ang mga langaw.
- Kung nakagat o nasugatan ka ng isang hayop o nakagat ng insekto, humingi ng tulong mula sa iyong doktor o tawagan ang NURSE-ON-CALL, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa 1300 60 60 24.

Upang tumanggap ng lathalaing ito sa maa-access na format, mag-email sa pph.communications@health.vic.gov.au